



Editoryal

"Cha-cha:" Pangkapit ni Arroyo sa poder

Walang sinasanto ang rehimen ng Arroyo sa pagtutulak nitong palitan ang reaktyunaryong konstitusyon sa lalong madaling panahon. Para kay Arroyo, isang bagong konstitusyon lamang ang titiyak na makapanungkulan siya hanggang 2010 o lampas pa hangga't makakaya. Umaasa ang rehimen na isang bagong konstitusyon

ang ganap na tatapos sa mga banta sa paghahari nito, kahit sa laranang ligal man lamang.

Gamit ang lahat ng paraan, pinapaspasan ni Arroyo ang pagbuwo ng bagong konstitusyon. Noong una'y tinangka ng rehimen na ikutan ang batas para agarang mapupo ang Kongreso bilang kapulungan ng babago sa konstitusyon. Upang makuha ang pagsang-ayon ng mga kongresista at senador, aalisin na ng panukalang konstitusyon ang taning sa termino ng mga mambabatas.

Lamang, nabigo ang rehimen na makuha ang kooperasyon ng Senado na ngayo'y tila dambuhalang pader na humaharang sa katuparan ng mga pangarap ni Arroyo. Mahihi-rapan na rin ang administrasyon na makuha ang kinakailangang 194 o $\frac{3}{4}$ ng mga kongresista dahil 51 na ang tumututol sa panukala.

"People's initiative" ang nalabing opsyon ni Arroyo at ito ang pinagkakaabalahan ng kanyang mga kampon ngayon. Daan-daang milyong piso ang inilaan para sa malawakang panlilinlang na ito. Bagamat marami rin itong kahaharaping ligal na balakid, walang planong magpalimita ang rehimen kahit sa sariling batas.

Hindi lingid sa mamamayan ang galing ng rehimen pagdating sa pambabaluktot o tahasang pagbalewala sa batas para makuha ang gusto nito. Nasaksihan ng bayan kung gaano kasimpleng pinatay ng administrasyon ang *impeachment* sa pamamagitan lamang ng super-yordad ng bilang ng mga kakampi nito sa Kongreso. Madali nitong nailusot ang mga kwestyunableng batas at kautusan tulad ng *calibrated preemptive response*, Executive Order 464, Proclamation 1017 at ngayon maging ang Anti-terrorism Bill sa kongreso. Pati mga lumang batas ni Marcos ay nagagamit ng rehimen laban sa mga katunggali.

Walang pakialam si Arroyo sa mga petisyong natatambak ngayon sa Korte Suprema laban sa kanyang mga pakana. Siya ang nagtalaga ng 11 sa 15 huwes ng Korte Suprema kaya lubos ang kanyang tiwalang



Mga tampok sa isyung ito...

Konstitusyon ala-Marcos

PAHINA 3

Opensiba ng AFP sa ICR, binigo ng BHB

PAHINA 7

Si Kasamang Wilfredo Valencia

PAHINA 8

siya ang papanigan nito.

Nakapananaig pa ang rehimen. Ngunit dahil sa bigat ng mga sinisingil sa kanya ng bayan, ang nais ni Arroyo ay habambahay na makaligtas sa kanyang mga kriminal na pananagutan. Naniniwala siyang magagawa niya ang gayon kung mababago ang mga patakaran, sa balangkas ng bagong konstitusyon at mga batas. Ito ang itinuturing niyang huling baraha sa tunggaliang magpapasya sa kanyang magiging kapalaran.

Sa ilalim ng konstitusyon nais ni Arroyo, ang banta ng panibagong *impeachment* ay tuluyan nang mabubura. Mabubura na rin ang mga ligal na hamon sa mapaniil na mga hakbanging ipinatupad niya upang supilin ang mga pagkilos laban sa kanyang paghahari.

Ang direksyon tinatahak ngayon ng rehimen ay mistulang hinulma sa balangkas ng diktadurang Marcos. Ang *transitory provisions* ng isinusulong na konstitusyon ay magbibigay kay Arroyo ng mga awtomatikong kapangyarihang katulad ng inangkin ni Marcos noong transisyon tungo sa huwad na siste-

mang parlamentaryo sa ilalim ng pasistang konstitusyon 1973.

Sa hangarin namang makuha ang suporta ng gobyernong US sa *charter change* o "cha-cha," target ng rehimen na burahin ang mga probisyong kasalukuyang konstitusyon na nagbibigay-proteksyon sa pambansang patrimonya at ilagay mismo sa konstitusyon ang liberalisasyon ng pambansang ekonomya.

Nais din ni Arroyo na takdaan ng mga restriksyon ang mga garantiya sa mga kalayaang sibil at pampulitika na nakikita niyang banta sa kanyang gobyerno. Sa gayon, magagamit niya ang buong bangis ng estado para sugpuin ang anumang banta ng pag-aalsa laban sa kanyang paghahari.

Tila ang yumaong diktador na si Marcos ang pinagpupulutan ni Arroyo ng mga aral para mapalawig ang pananatili niya sa poder. Subalit nakakaligtaan ni Arroyo ang napakahalagang leksyong ibinigay ng bayan kay Marcos noong 1986 sa EDSA.

Sa araw ng pagtutuos, ang leksyon ding iyon ang ibibigay ng bayan kay Arroyo. AB

Sigaw ng bayan?

Sa pamamagitan ng isang huwad na NGO na nagngangalang Sigaw ng Bayan, nagsusulong ang rehimeng Arroyo ng isang bogus na *people's initiative* para palitan ang konstitusyon ng reaksyunaryong estado. Ang totoo, mas angkop itong tawaging *Palace*

initiative dahil napakalinaw na pakana ito ng Malakanyang.

Pondo ng bayan ang walang kahiyang ginagasta para sa bogus na *people's initiative*. Sa atas ni DILG Sec. Ronaldo Puno, milyun-milyong piso ang inilaang panuhol upang malikom ang kinakailangang

mga lagda para rito. Nagpamudmod ang mga lokal na gobyerno ng pera, bigas at iba pang pagkain sa mga inorganisang asembleya ng barangay upang mapapirma ang mga tao, nauunawaan man nila ang layunin o hindi.

Limang milyong lagda o 12% ng mga botante sa buong bansa at minimum na 3% sa bawat distrito ang itinatakda ng RA 6735 o Initiative and Referendum Act para maaayendahan ang konstitusyon sa pamamagitan ng *people's initiative*. Impossible ito ayon sa oposisyon, lalo't nangangako ang mga punong bayan sa mga distritong hawak ng oposisyon na hindi nila paaabutin sa 1% ang malikom na pirma para sa "people's initiative."

May dati na ring desisyon ang Korte Suprema na depektibo at hindi sapat ang RA 6735 para pagbatayan ng gayong inisyatiba.


Ngunit balewala ito sa pangkating Arroyo. Wala rin itong pakialam sa isinasaad ng konstitusyon na mga amyenda lamang sa mga partikular na probisyong maaaring idaan sa *people's initiative* at

Nilalaman

Editoryal	1
Sigaw ng bayan?	2
Konstitusyon ala-Marcos	3
Mga protesta	5
"Madidilim na araw" sa Pilipinas	5
Matatagumpay na opensiba ng BHB	
Mga taktikal na opensiba	6
Opensiba ng AFP sa ICR, binigo ng BHB	7
Si Kasamang Wilfredo Valencia	8
Sa ibayong dagat	
France, niyayanig ng mga protesta	10
Milyun-milyon nagrali sa US	11
Pananalanta ng pasistang estado	12
Balita	13

Ang *Ang Bayan* ay inilalathala dalawang beses bawat buwan ng Komite Sentral ng Partido Komunista ng Pilipinas

hindi ang malalaking rebisyon o pagpapalit sa mis-mong konstitusyon.



Kamakailan, dinagsa ng mga mamamahayag ang Horizon Hotel sa Mandaluyong City nang mapag-alaman nilang may hinahakot umano doong mga kahong naglalaman ng pirmado nang mga porma para sa bogus na *people's initiative*. Nataranta at agad na nagsitakas ang mga taong sangkot, na ayon sa mga nakasaksi ay mga upisyal at tauhan ng DILG ni Puno, ang puno ng marami sa pinakamaruruming laro sa pulitika magmula pa noong panahon ni Marcos. Ngunit naiwan nila ang *diagram* ng plano nilang manipulasyon sa basurahan ng hotel.

Suki na ng nasabing hotel ang mga opereytor ni Puno na doon nagtatago para gumawa ng iba't ibang "espesyal na operasyon." Doon din nila ginawa ang pamemeke ng *election returns* na nagpanalo kay Arroyo sa eleksyon 2004.

Sinasabi ng mga nagtutulak ng "*people's initiative*" na mahigit walang milyong pirma na ang nali-kom nila. Sa kabilang kwestyon ligal, kaagad nang pinasisimulan ng COMELEC ang beripikasyon ng mga pirma, ang unang hakbang tungo sa pag-eend-dorso ng plebisito para sa "cha-cha." Garapalang nakiipagsabwan ang COMELEC sa maniobra ng rehimen.

Aabot sa ₱6.5 bilyon ang kakailanganin para sa plebisito. Sadyang inaantala ng rehimen ang pagpapasa sa pambansang badyet ng 2006 upang hindi matali dito ang paglulunsad ng plebisito.

Tiwalang-tiwalang si Arroyo at ang kanyang Sigaw ng Bayan na wala nang makahahadlang sa aniy'a'y tren ng *cha-cha*. Ngunit hindi malunod ng sobra nilang ingay ang tunay na sigaw ng bayan—ang panawagang patalsikin na ang kinamumuhiang rehimen.

AB

Konstitusyon ala-Marcos

Sukdulan ang kawalanghiyaan, kasibaan, kalupitan at pagtakasil sa bayan ni Gloria Arroyo.

Wala siyang anumang pagtatangkang itago ang tunay na intensyon sa pagtutulak ng pagpapalit sa konstitusyon—ang patuloy na maghari, umangkin ng labis na kapangyarihan, mapag-ibayo ang panunupil sa mamamayan at lubusang ihain sa mga imperyalista ang yaman at dangan ng bansa.

Nasasakihan ngayon ng bayan ang pagtatangkang magtayo ng gubyernong ala-Marcos.

Papel na parlamento. Itinatakda sa unang sección ng *transitory provisions* ng panukalang konstitusyon na manunungkulan ang kasalukuyang presidente at bise presidente hanggang Hunyo 2010 maliban kung mapatalsik sila sa pamamagitan ng *impeachment*. At para maging mas mahirap ang *impeachment*, balak gawing 2/3 ng buong parlamento, sa halip ng kasalukuyang 1/3, ang dapat mapapirma sa reklamo bago umpsahan ang proseso ng *impeachment*.

Hindi rin magdaraos ng eleksyon para sa bubuing parlamento hanggang 2010. Sa halip, ang kasalukuyang House of Representatives, na pugad ng mga kampon ni Arroyo, at ang Senado ay magkasanib na uupo bilang transisyunal na parlamento at awtomatikong palalawigin hanggang 2010 ang termino ng lahat ng



mga kagawad nito. Pursigido si Arroyo na lusawin ang Senado dahil sa patuloy nitong pag-ungkut sa mga katiwalian at baho ng kanyang rehimeng pagharang sa kanyang pasista at tusong mga patakaran at pakana.

Hindi pa kuntento, sangkatlo ng hihirangin niyang gabinete ay awtomatiko ring itatalaga bilang mga kagawad ng parlamento. Bukod rito, may 30 pa siyang hihirangin bilang mga mambabatas.

Maghalal ng *prime minister* ang interim na parlamento. Ngunit kaiba sa karaniwang sistemang parlamentaryo, ang ihahalal na *prime minister* ay hindi tatayo bilang pinakamakapangyarihang upisyal ng gobyerno kundi papailalim lamang sa "direksyon at superbisyon ng nakaupong presidente." Samakatwid, bukod sa kapangyarihang ehektibo ay aangkin din ang presidente ng kapangyarihang lehislativo.

Ang parlamentong nais buuin ni Arroyo ay walang pinagkaiba sa Batasang Pambansa na binuo alinsunod sa pambatas-militar na konstitusyong 1973 at walang ibang tungkulin kundi sumunod sa anumang gustuhin ng diktador na si Marcos.

Pasistang diktadura. Binubura ng panukalang konstitusyon ang maraming garantiya ng konstitusyong 1987 sa mga karapatang sibil at pampolitika.

Patraydor na babaguhin ang probisyon ng Bill of Rights ukol sa saligang karapatang mamahayag at magtipun-tipon. Tusong isinasaad na ang gagarantiyan lamang ay ang "responsable" pagsasabuhay ng gayong mga karapatan. Para sa mga kampon ni Arroyo, anumang pagbatikos sa rehimeng iresponsible at maaaring sikilin sa ilalim ng bagong konstitusyon.

Inaalisan na ang mga restriksyon sa pagdedeklara ng *state of emergency* o batas militar. Sa isinusu-



Wala anumang pagtatangka si Arroyo na itago ang tunay na intensyon sa pagpapalit sa konstitusyon—ang patuloy na maghari, umangkin ng labis na kapangyarihan, mapag-ibayo ang panunupil sa mamamayan at lubusang ihain sa mga imperialista ang yaman at dangal ng bansa.

long na konstitusyon, maaari nang maging batayan ng deklarasyon ng batas militar o suspensyon ng *writ of habeas corpus* (kautusang nag-oobliga sa mga awtoridad na iharap sa korte ang sinumang detenido) ang insureksyon o banta ng insureksyon. Sa ilalim nito, ang mga pagkilos na kagaya ng mga nagdangang pag-aalsa sa EDSA ay maaari nang pagbatayan para magdeklara ng batas militar.

Sa kasalukuyang konstitusyon, minamarapat ang pagrepaso ng Kongreso sa anumang deklarasyon ng batas militar o suspensyon ng *writ* makaraan ang 48 oras. May kapangyarihan ang Batasan na pawalambisa ang deklarasyon sa pama-magitan ng boto ng mayorya. Wala na ito sa panukalang konstitusyon at kung gayo'y maaari nang magpariral ang presidente ng walang tanning na batas militar.

Tatanggalin na rin ang awtoridad ng Korte Suprema na repasuhin ang ligalidad ng batayan ng deklarasyon ng batas militar ayon sa reklamo ng sinumang mamamayan.

Gayundin, maaari nang suspindihin ng batas militar ang konstitusyon. Maaari na ring suspindihin ang mga hukumang sibilyan at ilipat sa hurisdiksyon ng mga hukumang militar ang paglilitis kahit sa mga kasong walang kaugnayan sa pagkakadeklara ng batas militar.

Awtomatiko nang suspendido ang *writ* kapag nagdeklara ng batas militar. Maaari nang ibimbin ang sinuman nang mahigit sa tatlong

araw kahit walang nakasampang kaso.

Alay sa imperialista. Sa pag-susulong ng "cha-cha," o sa anumang naisin ng gobyerno, walang reksitong mas mahalaga pa sa basbas ng imperialismong US. Para rito, tinitiyak ng rehimeng Arroyo na ang itinutulak na konstitusyon ay ikasisiya ng amo nito.

Sa ilalim ng panukalang konstitusyon, lulubusin na ang liberalisyon ng ekonomya alinsunod sa imperialistang "globalisasyon." Pabayagan na ang mga dayuhan na mag-ari ng mga lupain at mga estratehikong industriya sa Pilipinas at makinabang sa likas na yaman ng bansa. Sa ilalim ng konstitusyong 1987, limitado sa 40% ang pinahihintulutang sapi ng mga dayuhan sa gayong mga industriya.

Aalisin na ang solong karapatan ng mga Pilipino sa pag-ari ng mga kumpanya sa mga pampublikong yutilidad, masmidya at pribadong edukasyon. Bibigyan na ng prangkisa ang mga korporasyong dayuhan na magnegosyo sa naturing mga larangan.

Wala na ring anumang banggit ang itinutulak na konstitusyon hinggil sa pagbabawal sa pagtayo ng mga dayuhang base militar at sa pagpasok ng mga dayuhang tropa at armas nukleyar sa bansa. Pabubweluhin na nang husto ang dayuhang interbensyong militar na aayon sa militaristang pagtatanggol ng US sa dominasyon nito sa daigdig. AB

Protesta laban sa "cha-cha" at kay Arroyo

Marahas na binuwag ng mga elemento ng Western Police District ang mapayapang martsa ng libu-libong myembro ng mga progresibong organisasyon at mga indibidwal nitong Abril 6 sa Mendiola, malapit sa Malakanyang. Ito ay matapos ilang beses na tangkaing pigilan ng mga pulis ang kanilang martsa na sinimulan sa Simbahang Sto. Domingo sa Quezon City. Isinagawa ang pagkilos upang tutulan ang pakanang "cha-cha" ni Gloria Arroyo at ipanawagan ang pagpapatalsik sa kanya. Anang mga nagprotesta, di tulad ng Prime Minister ng Thailand na si Thaksin Shinawatra na kusang nagbitiw sa pwesto noong Abril 4 matapos ang malawakang mga protesta sa korapsyon ng kanyang rehimeng, ginagamit ni Arroyo ang "cha-cha" para patuloy na mangunyapit sa poder.

Samantala, inilunsad ng limang senador noong Abril 5 ang "Gloria Resign Movement." Ayon kina Sen. Franklin Drilon, Aquilino Pimentel, Francis Pangilinan, Consuelo "Jamby" Madrigal at Panfilo Lacson, makikipag-ugnayan sila sa mga institusyon at organisasyon ng mamayang upang ikampanya sa buong bansa ang pagpapabitiw kay Arroyo. Ipinapanukala nila ang paglulunsad ng *snap election* sa Hulyo para maghalal ng bagong presidente.

Bago ito, muling inilunsad ng Bayan at ng People's Movement against Arroyo's Charter Change (People's March) ang kampanya ng pagpapapirma laban sa "cha-cha" at para sa kagyat na pagbibitiw ni Arroyo bilang presidente. Nabuo ang People's March noong Pebrero sa pamumuno ni dating Bise Presidente Teofisto Guingona. Nakipon noong Abril 3 ng 2,000 lagda ang Bayan sa loob lamang

ng dalawang oras sa isang mataong lugar sa Metro Manila, patunay ng tindi ng pagkamuhi ng mamayang kay Arroyo at kanyang mga maniobra para makapanatili sa poder.

Sa iba't ibang bahagi ng bansa ngayon, dumarami pang ordinaryong mamayang ang pumipirma sa petisyon ng Bayan at People's March. Marami ring indibidwal at grupo na noo'y tahimik lamang o di kaya'y kumakampi pa sa rehimeng ngayo'y napilitan na ring magpahayag ng pagkadismaya sa garapalang pagmamaniobra ni Arroyo.

Sa Kongreso, kumilos ang mga kontra-Arroyong kongresista upang tiyakin na hindi magtatagumpay ang pagpapalusot ni Arroyo ng "cha-cha" rito. Nagsampa sila ng kaso upang ipadeklarang iligal ang pangangalap ng pirma ng Sigaw ng Bayan.

Umabot sa 51 kongresista ang pumirma noong Marso 29 sa panukala laban sa pagsasanib ng Senado at Kongreso at paggawad rito ng kapangyarihan bilang

"constituent assembly" na pagbotohan ang mga panukalang amyenda sa saligang batas. Bago ito, nagpasa na rin ang Senado noong Marso 21 ng resolusyon naggigit ng hiwalay na pagboto ng dalawang kapulungan sa usapin ng "cha-cha."

Malaon nang ipinapakana nina Arroyo at House Speaker Jose de Venecia na pagsanibin ang Senado at Kongreso upang lunurin ng pro-Arroyong mayorya sa Kongreso sa botohan ang anumang pagtutol ng Senado sa "cha-cha." Subalit dahil sa pagtutol ngayon ng 51 kongresista, 183 kongresista na lamang ang natitirang kakampi ng kampong Arroyo sa usapin ng "cha-cha," kapos sa kinakailangang 195 na boto o 2/3 ng kabuuang bilang ng Senado at Kongreso para itulak ang anumang amyenda sa konstitusyon. Posibleng maunsyami pa rin ang mga plano ng kampong Arroyo na maitulak ang "cha-cha" kahit sa pinagsanib na kapulungan, maliban kung may masusuhulan ang kampong Arroyo sa 51 kongresista para bumaligtad. **AB**

"Madidilim na araw" sa Pilipinas

Binatikos nitong Abril 5 sa isang editorial ng *New York Times*, isa sa mga prominenteng pahayagan ng US, ang pasistang tunguhin ng rehimeng Arroyo. Ayon sa naturang editorial, "nakalimutan na ni Arroyo ang mga simulaing nagbigay-inspirasyon sa kilusan para sa *people power* noong 1986." Sa isang antas, sinasalamin ng editorial na pinamagatang "Madidilim na araw para sa demokrasya sa Pilipinas" ang kasalukuyang pananaw ng imperyalismong US sa tuta nitong rehimeng. Ayon pa sa pahayagan, "binubuhay ni Arroyo ang masasamang alaala ng korapsyon ng mga kroni, pandaraya sa eleksyong presidensyal at panunupil sa mga kritikal na mamamahayag." Nagbabala ito na hangga't hindi napipigilan ng Kongreso at ng mga korte ang papalakas na awtokratikong tendensya ni Arroyo, ilalagay nito sa panganib ang demokrasya sa Pilipinas. Bago ito, naglabas naman ang *New York Times* ng isang artikulo kung saan ibinabalita ang kampanya ng panunupil at pananakot ng rehimeng Arroyo sa mga mama-mahayag.



Masinggan, iba pang armas nasamsam sa ambus sa Masbate

ISANG kalibre .30 masinggan ang kabilang sa apat na armas na nasamsam ng mga Pulang mandirigma sa ilalim ng Jose Rapsing Command ng Bagong Hukbong Bayan (BHB) nang ambusin nila ang pinagsamang pwersa ng 506th Provincial Police Mobile Group, Mandaon Municipal Police Station at CAFGU noong Abril 1 sa Milagros, Masbate.

Nakasamsam din ang mga gerilya ng isang M16, isang M14, isang pistolang kalibre .45 at mga bala. Dalawang pulis ang napatay at isa pa ang nasugatan. Isa pang pulis ang nabihag at pinakawalan kalaunan. Taliwas sa ulat ng kaaway, walang natamong kaswalti ang BHB.

Bago ang labanan, sinalakay ng mga Pulang mandirigma ang rantso ng alkalde ng Milagros na si Bernardito Abapo sa Sityo Kabuluan, Barangay San Juan. Nakatakas ang katiwala ng rantso at nagsumpong sa pulisia sa bayan ng Mandaon, 12 kilometro ang layo sa naturang rantso. Tinambangan na ng BHB sa daan ang mga sumasalakay na pwersa bago pa sila ma-kaabot sa rantso.

Kasabay ng ambus, pinarusahan ng isang tim ng mga partisano sa Barangay Malinta, Masbate City si Edwin Corral, dating hepe ng pulisia sa bayan ng Milagros. Bantog siya sa paglabag sa karapatang-tao.

5 elemento ng CAFGU nasugatan, 4 na armas nasamsam sa mga aksyon militar sa Southern Mindanao

MALUBHANG nasugatan ang limang elemento ng CAFGU nang tambangan sila ng BHB sa New Corella, Davao del Norte noong Abril 1. Bago mangyari ang labanan, nilusob at sinira ng mga Pulang mandirigma ang mga kagamitan para sa pagmimina na pinangangasiwaan ng isang Ron Wilch sa Purok 2, Barangay Mambing, New Corella. Magreresponde sana ang mga elemento ng CAFGU sa pinarusahang minahan nang masabugan ng *claymore mine* ang kanilang sasakyang habang papalabas ito sa kanilang detatsment.

Bago ito, apat na armas ang nasamsam ng BHB nang dis-armahan ng mga Pulang mandirigma nitong Marso 23 ang mga gwardya ng Marsman, isang kumpanya sa Upper Gisok, Mawab, Compostela Valley na nag-eeksport ng saging. Ang reyd ay aksyon ng pamarusa rin ng BHB sa kumpanya dahil sa matagal na nitong pang-aabuso sa mga manggagawa rito, sa panghaharap sa mga komunidad sa paligid ng plantasyon at sa aktibong papel nito sa mga kontra-rebolusyonaryong operasyong militar.

Isang M14, isang M16 at dalawang *shotgun* ang nasamsam sa tatlong-minutong reyd na naisagawa nang walang putok. Bukod pa ito sa 10 *rifle grenade*, isang radyong VHF at mga bala.

BHB, naglunsad ng mga armadong aksyon sa Western Mindanao

TINANGKA ng isang 14-kataong *commando team* ng 14th Division Reconnaissance Company (DRC) na manmanan at atakehin ang isang nakahimpil na yunit ng BHB sa Barangay Siolan, Kabasalan, Zamboanga Sibugay mga alas-11 ng umaga noong Marso 20, subalit ang yunit ng kaaway ang nakatamo ng mga kaswalti. Ayon sa ulat ng BHB-Front Feliciano, tatlong sundalo ang napatay at dalawa ang nasugatan sa labanang tumagal nang 30 minuto.

Bago ito, hinaras ng isang tim ng BHB ang 14-kataong tim ng Philippine Army at CAFGU bandang hatinggabi sa Barangay Tiguha, Lapuyan, Zamboanga del Sur noong Marso 15. Dalawang elemento ng CAFGU ang napatay, ayon sa panimulang mga ulat.

Samantala, ayon sa pinakahulung mga ulat mula sa BHB sa Western Mindanao, siyam na armas ang nasamsam sa walang-minutong walang putok na reyd sa istasyon ng pulis sa Sapang Dalaga, Misamis Occidental noong hapon ng Marso 20. Kinabibilangan ito ng apat na M16, isang *shotgun* at apat na maiigsing baril (isang .45, isang *super .38*, isang 9 mm at isang .38). Bukod pa ito sa mga bala at iba pang kagamitang militar. Unang naiulat sa isyung Marso 21 ng AB na limang M16 ang nasamsam sa reyd.

Walang kaswalti ang BHB sa mga labanang ito.

Isang M16 nasamsam ng BHB sa Northern Samar

ISANG M16 ang nasamsam ng isang tim ng Rodante Urtal Command ng BHB sa Northern Samar sa operasyong isnayping nito laban sa mga elemento ng 20th IB sa Sityo Danao, Barangay Dawo, Oquindo District, Calbayog City noong Pebrero 23. Bukod pa ito sa nakuwiskang 250 bala, isang *cellphone* at isang bakpak. Isa ring sundalo ang napatay at isa pa ang nasugatan. Kasalukuyang naglulunsad ng operasyon ang 20th IB sa hangganan ng Catarman at Bobon sa Northern Samar at Calbayog City, Samar nang sila'y isnaypin ng mga Pulang mandirigma. Ligtas na nakaatras ang BHB nang walang kaswalti.




Opensiba ng AFP sa ICR, binigo ng BHB

Bigo ang todo-todong opensiba ng pasistang AFP laban sa Bagong Hukbong Bayan (BHB) sa Ilocos-Cordillera Region nitong Marso. Di bababa sa 14 na sundalo ang napatay at walo ang nasugatan sa tatlong labanang naganap sa hangganan ng Abra, Mountain Province at Ilocos Sur noong Marso 15, 18 at 24. Sa kabilang banda, limang gerilya ng BHB ang di malubhang nasugatan.

Isang laking-brigadang operasyon ang inilunsad ng 5th ID mula Marso 11 hanggang 28 sa mga bayan ng Tubo, Abra; Besao, Mountain Province; at Quirino at Cervantes sa Ilocos Sur. Kasabay nito, nag-operasyon din ang kaaway sa mga bayan ng Sagada, Bauko, Bontoc at Sadanga sa Mountain Province. Sangkot sa mga malawakang operasyong ito ang buong 41st IB, 50th IB at 54th IB at isang kumpanya ng 21st IB.

Nasentro ang mga labanan sa mga bulubunduking bahagi ng bayan ng Tubo sa timog Abra kung saan kumikilos ang Agustin Begnallen Command.

Ang unang labanan noong Mar-



so 15 ay naganap sa Mt. Mogao na matatagpuan sa hangganan ng Tubo, Besao at Quirino. Ilang araw bago ito, sa tulong ng mamamayan sa lugar ay nasubaybayan na ng mga mandirigma ang presensya at direksyon ng mga pasistang sundalo. Napag-alaman na planong akyatin ng isang grupo ng mga sundalo ang Mt. Mogao samantala lang may iba pang grupong aakyat din sa kalapit na Mt. Tabbak. Pagsapit ng March 14, tumulak ang

isang tim ng BHB para dikitan at subaybayan ang kaaway na nasa paanan ng Mt. Mogao habang buong araw at gabi na nakapakat naman ang ibang pwersa sa dasdas na dadaanan ng kaaway paakyat sa Mt. Tabbak.

Tuluy-tuloy na nagmaniobra ang mga mandirigma upang pakanan ang mga daan sa paanan ng Mt. Mogao. Alas-8:30 ng umaga ng Marso 15, isang apat-kataong tim ng mga Pulang mandirigma ang umahon sa tuktok ng Mt. Mogao para unahan ang kaaway na tinantyang papakat doon. Sabay na bumira ang mga tim ng BHB sa tuktok at baba ng bundok sa umaakyat na nakapilang mga sundalo. Sa unang bugso pa lamang ay agad na nabuwal ang limang elemento ng AFP. Isang kasama naman na nakapakat sa tuktok ng Mt. Mogao ang nasugatan. Agad na umatras ang tim ng BHB.

Samantala, nagmaniobra ang iba pang tim ng BHB mula sa paanan ng Mt. Mogao upang dikitan ang umaakyat na mga sundalo. Unti-unting dumikit ang isang tim ng

4 sundalo patay, 2 sugatan sa mga armadong aksyon ng BHB sa ICR

APAT na sundalo ang napatay at dalawa ang nasugatan sa dalawang magkahiwalay na armadong aksyon ng BHB sa Abra at Mountain Province ngayong Marso.

Sa Abra, tatlong sundalo ang napatay at isa ang nasugatan nang ambusin sila ng isang iskwad ng mga Pulang mandirigma sa Sityo Kinkinta, Barangay Bazar, Sallapadan sa hilagang bahagi ng prubinsya noong umaga ng Marso 29.

Bago ito, isang sundalo ang napatay at isa pa ang nasugatan nang isnaypin ng mga Pulang mandirigma ang mga nag-ooperasyong tropang militar sa Lalangnan Ridge, Bontoc, Mountain Province noong umaga ng Marso 19.

Walang natamong pinsala ang BHB sa dalawang labanan.

BHB sa bandang kanan kung saan nakapwesto ang kumander ng mga sundalo habang ang isa pang apat-kataong tim ay unti-unting dumikit mula sa bandang kaliwa. Tinamaan at napatay ng unang tim ang kumander ng sumasalakay na mga sundalo. Habang dumidikit naman ang tim sa bandang kaliwa, nataan ito at binira ng kaaway. Dalawang kasama ang nasugatan, kaya umatras muna ang tim na ito.

Upang ikober ang mga nagmamaniobrang tim ng BHB, tuluy-tuloy na nagpaputok ang mga isnayper ng BHB mula sa paanan ng Mt. Mogao. Tumagal ang mga pagmamaniobra at putukan hanggang 1:30 ng hapon. Walo ang napatay sa hanay ng AFP sa labanang ito, habang lima sa kanila ang nasugatan. Bandang alas-3 ng hapon ay umatras na ang mga tim ng BHB na nakapakat sa paanan ng Mt. Mogao. Pagsapit ng gabi, ligtas ding naiatras ang mga kasamang nasugatan. Bandang alas-7, nagpakat ng dalawang iskwad sa paanan ng Mt. Tabbak upang abangan ang platan ng AFP na tinantyang magtatangka muling umak-

yat dito. Samantala, nakarating ang mga sundalo sa tuktuk ng Mt. Mogao.

Mula umaga pa lamang ng Marso 16, tuluy-tuloy na nagpaputok ng mortar ang mga elemento ng AFP. Bandang 1:30 ng hapon, sumaklolo sa mga sundalo ang dalawang Huey at dalawang MG520 na helikopter na nag-istrapping at nambomba hanggang alas-4 ng hapon. Pinaputukan din ang mga ito ng mga mandirigma. Pabalik-balik ang mga Huey sa Mt. Mogao hanggang kinabukasan para haktin ang mga patay at sugatang sundalo.

Tuluy-tuloy na nambomba at nag-istrapping ang mga helikopter sa paligid ng Mt. Mogao habang nagpapaputok ng mga mortar ang mga sundalong nanatiling naka-pwesto sa tuktuk ng burol. Habang abala ang mga sundalo sa pambombola, pumakat ang mga mandirigma sa rutang tinantya nilang daaanan ng mga sundalo sa kanilang pag-atras. Bumaba rin mula sa tuktuk ng Mt. Mogao ang mga sundalo noong umaga ng Marso 17 pero tumigil nang 100 metro mula sa kina-


lalagyan ng mga kasama at doon nagpagabi.

Madaling araw ng Marso 18, na-kaengkwentro ng BHB ang mga sundalong paakyat sa Mt. Tabbak. Tumagal ang putukan nang mahigit isang oras. Apat na sundalo ang napatay at mahigit dalawa ang nasugatan sa labanang ito. Dalawang kasama naman ang nasugatan at ligtas na naiatras. Muli, naging pangunahing pansalag ng mga sundalo ang pagpapaputok ng mortar. Muling bumalik ang mga helikopter at nag-istrapping sa lugar noong Marso 20 at 21.

Naganap ang pangatlong labanan noong alas-9 ng umaga ng Marso 24 nang madikitan ng isang tim ng BHB ang nagpapahingang 50-kataong grupo ng mga sundalo sa tagaytay sa pagitan ng Mt. Tabbak at kalapit din nitong burol ng Tawang. Agad pinaputukan ng BHB ang tropa. Napatay noon din ang dalawang sundalo at nasugatan ang isa pa. Umatras paakyat sa bundok ang mga sundalo. Tuluy-tuloy na ang kanilang pag-atras hanggang sa makalabas sila sa Tubo noong Marso 28. AB

Si Kasamang Wilfredo Valencia

Hindi mabubura sa isip ng mga kasama at mamamayang Pilipino ang alaala ni Kasamang Wilfredo Valencia, batikang kumander ng Bagong Hukbong Bayan at lider ng Partido



Komunista ng Pilipinas. Ang halos tatlong dekadang paninilbihan sa mamamayan ni Kasamang Wilfredo—Ka Vox, Ka Bomi, Ka Moi o Ka Loli—ay nagwakas noong Marso 27, 2003, ngunit patuloy siyang nagsisilbing inspirasyon sa pagsusulong ng rebolusyonaryong pakikibaka.

Ibinuhos ni Ka Bo-

mi ang kan-
yang lakas
at talino, pawis,
luha at dugo pa-
ra maglingkod
sa bayan at sa re-

bolusyon. Nagmula siya sa isang pamilyang magsasaka sa Amulong, Cagayan. Dahil sa angking talino, naging iskolar siya at nagtapos na *cum laude* sa Philippine Women's University kung saan siya nag-aran ng *social work*. Naging aktibista siya noong 1975 at naging kasapi ng Partido noong 1977. Sumapi siya sa BHB sa Cagayan Valley noong 1980 at doo'y nagsilbi nang 23 taon.

Mahirap ang kalagayan ng rebolusyonaryong kilusan sa Cagayan nang unang kumilos doon si Ka Bomi. Noong unang mga taon ng dekada 1980, nabuwag ang mga konsolidadong baryo sa silangang

Cagayan. Naging kalihim siya ng East Cagayan Front noong 1983 at hinapar nila ang matinding mga atake ng kaaway at ang pagtatayo ng pasistang berdugong si Col. Rodolfo Aguinaldo ng mga *death squad* laban sa rebolusyonaryong masa.

Bilang pagwawasto sa tunguhing "pagbukol" sa silangang Cagayan at pag-iwas sa tumitinding mga operasyong militar ng kaaway doon, nagpalawak sila sa kanlurang Cagayan hanggang Ilocos Norte. Nakapagbukas sila ng mga bagong larangang gerilya sa maraming bayan doon. Bumilis ang paglaki at marami ang napagtagumpayang mga laban doon ng Pulang hukbo. Malaki ang naging ambag ni Ka Bomi sa pagpapalaki ng hukbo tungo sa laking batalyon kahit pa bina-bagbag na ito noon ng disoryentasyon ng adelantadong regularisasyon at adbenturismong militar na pumipinsala noon sa buong rebolusyonaryong kilusan.

Mula sa Cagayan, naging *political commissar* siya ng Northern Luzon Operational Comand mula 1987, kagawad ng Northern Luzon Commission ng Partido mula 1988, at kalihim ng Northern Luzon Operational Command-Army-Party Committee mula 1989 hanggang 1992.

Nang simulan ang Ikalawang Dakilang Kilusang Pagwawasto (IDKP) noong 1992, isa si Ka Bomi sa agad na humarap sa pagwawasto at nagpuna sa sarili dahil sa naging bahagi niya sa pagtaguyod ng malakas na umiral noon adelantadong regularisasyon at adbenturismong militar. Matibay ang kanyang paninindigan sa Partido at rebolusyon. Aniya, "maliwanag sa akin na ako'y nagkamali at handang magwasto." Tinukoy niya ang mga tunguhing iniluwal at pinalala pa ng pagtaguyod niya ng maling linya, tulad ng mga di mahusay na estilo sa pamumuno, kahirapang maki-pagtrabaho sa kolektibo, pakiki-

tunggali sa ideya, mababaw na pagsusuri, sabog na pagtatrabaho, kapusukan at liberalismo. Bilang bahagi ng kanyang pagwawasto, tumulong siya sa mga paglalagom ng mga yunit at pagpapaliwanag sa mga kamalian sa kasapihan ng Partido, sa hukbo at sa baseng masa.

Naging kalihim siya ng Komiteng Rehiyon ng Nueva Vizcaya-Isabela-Quirino (VIQ) mula 1993 hanggang 1995. Nang pinagsanib ang VIQ at Cagayan-Apayao noong 1995, tumayo siyang pangalawang kalihim ng Komite ng Rehiyon sa Hilagang Silangang Luzon. Gumampan din siya bilang kumander ng Regional Operational Command ng rehiyon mula 1999 hanggang sa pagkasawi niya. Inihalal siya bilang alternatibong kagawad ng Komite Sentral ng PKP sa ika-11 Plenum nito noong 2002.

Bumalik siya sa Cagayan noong 2002-2003, at sa kanyang pamumuno ay napahigpit ang pagkakaisa ng BHB at nabalikan nito ang mga matagal nang naiwang bayan sa silangan, kabilang ang unang mga nakonsolidang lugar sa prubinsya noon pang dekada 1980. Malaki ang pasasalamat ng masaroon sa pagbalik doon ng hukbong bayan na sinundan ng pagsusulong ng rebolusyonaryong agraryo at mga kampanyang masa, at pagkakamit ng mga benepisyo para sa mga magsasaka gaya ng pagbaba ng tantos ng usura, pagbawas sa pag-sasamantalang usurero-komersyante, pagpapatigil sa malawakang pangangamkam ng lupa at paglaban sa militarisasyon at mga abusong militar.

Pinamunuan ni Ka Bomi ang pangingibabaw sa tunguhing konserbatismo, pagsusulong at pagtagumpay ng mga taktikal na opensiba at pagpapasigla ng armadong pakikibaka sa rehiyon. Malaking tulong ang mga ito sa ilang ulit na paglaki ng bilang ng mga Pulang mandirigma at pagbubwelo ng re-

bolusyonaryong kilusan sa rehiyon. Tumatag at ibayong lumawak ang mga organo ng Pulang kapangyarihang pampolitika ng mamamayan sa mga sona at larangang gerilya sa rehiyon.

Maliit na tao si Ka Bomi. Ngunit dahil sa kagila-gilas na mga kwentong gawa-gawa na rin ng militar hinggil sa mga labanang nilahukan niya, naging higante siya sa isip ng kaaway. Balitang-balita na mahusay siya sa digma at sa *martial arts*. Kaya kahit pa nasukol na siya sa isang mataong lugar sa Baguio City noong 2001, takot na takot siyang lapitan ng isang kumpanya ng mga militar at pulis na pumapalibot sa kanya. Tumagal pa nang kalahating oras bago siya aktwal na dakpin. Dahil sa kanyang determinasyon sa pakikibaka, pagtanggging magpahawak sa kaaway at metikulosong pagpaplano, dalawang ulit niyang natakasan ang mga kulungan ng kaaway.

Nang pumanaw siya noong 2003, halos di mabilang ang mga pulong parangal na idinaos ng mga magsasaka sa iba't ibang baryong kanyang nakilusan. Bukod sa kanyang dedikasyon at katatagan sa rebolusyonaryong pakikibaka, di mabubura kailanman sa alaala ng masa at mga kasama ang mahuhusay na proletaryong aktitud ni Ka Bomi: matiyagang magpaliwanag, masusing magsuri sa mga usapin, masipag mag-arat at gumampan ng mga gawain. Sa lahat ng sulok ng rehiyon at iba pang lugar na naikutan niya, palaging masayang naaalala ng mga kasama at nakilala niyang masa ang kanyang mainit na pakikitungo at masayahing halakhak sa lahat ng mga nakahalubilo niya—sa kapwa niya namumuno, sa mga Pulang mandirigma, sa lahat ng rebolusyonaryo at masang nakasama at pinaglingkuran niya nang buung-buo at walang pasubali. AB



France, niyayanig ng malawakang protesta

Dambuhalang mga kilos-protesta at welga ang sunud-sunod na yumanig sa France nitong nakaraang tatlong linggo. Milyun-milyong kabataan at manggagawa ang sama-samang kumilos upang tutulan ang Contrat Première Embauche (CPE o Kontrata sa Unang Empleyo) na isinabatas sa France ng gubyerno ni Prime Minister Dominique de Villepin.

Ang CBE ay nagbibigay sa mga nag-eempleyo ng karapatang magtanggal sa trabaho ng mga manggagawang mababa sa 26 na taong gulang anumang oras at nang walang anumang kinakailangang paliwanag sa loob ng unang dalawang taon ng pagtatrabajo nila.

Binabaligtad nito ang batas sa France na kumikilala sa karapatan ng mga manggagawa na maging permanente makaraan ang isa hanggang tatlong buwang pagtatrabajo. Tinitibag nito ang mga karapatang ipinagtakumpay ng kilusang paggawa di lamang sa France kundi sa Europe at sa buong daigdig, kabilang ang European Social Charter na nagbabawal sa di makatarungang pagtanggal ng manggagawa, at ang mga proteksyon nakasaad sa International Labour Convention.

Pilit na pinalalabas ni De Villepin na ang CPE ang lulutas sa patuloy na lumalaking problema ng disempreyo sa France, laluna sa hanay ng kabataan. Umaabot sa 23% sa buong France, at hanggang 40% sa pinakamahirap na bayan nito ang walang trabaho. Ngunit hindi nilulutas ng CPE ang disempreyo dahil wala naman itong idinadagdag sa empleyo. Pinadadalas lamang nito ang tanggalan at pagpatalit-palit ng mga manggagawa, bagay na higit na umaabuso at umaapi sa kanila.

Dagdag sa CPE, itinutulak din



ng gubyernong De Villepin ang mga kontra-manggagawa at kontrakabataang batas. Kabilang dito ang pagpapaaprentis sa mga batang 14 na taong gulang pa lamang, ang pagpapatrabaho sa gabi sa mga batang 15 taong gulang lamang at pagsususpinde sa mga panlipunang ayuda para sa mga pamilyang may mahigit tatlong anak kapag ang mga anak ay tumigil sa pag-aaral.

Nitong Abril 4 at 5, umabot sa 3.1 milyong mamamayan ang lumahok sa mahigit 200 demonstrasyon sa buong bansa, kabilang ang 700,000 nagtipon sa Paris, kabise-ra ng France.

Bago ito, tatlong milyon ang humugos sa mga lansangan ng France sa 36-oras na pangkalahatang welgang nagsimula noong Marso 28. Sumiklab ang mga kilos protesta sa mahigit 250 lunsod at bayan ng bansa. Nangatigil ang mga tren sa buong France dahil sa pagsama ng mga manggagawa sa

transportasyon. Nagsisara ang maraming paaralan, mga kumpanyang nagbibigay ng mga serbisyo pampubliko, bangko, mga upisina ng gubyerno at maging ang mga istasyon ng radyo at telebisyon dahil sa pagsali ng mga manggagawa rito sa mga dambuhalang demonstrasyon. Mahigit 400 nang demonstrador ang inaresto ng mga pulis.

Sa desperasyong apulain ang apoy ng galit ng mamamayan ng France, ipinapangako ni Pres. Jacques Chirac na aamyendahan ang batas—sa halip na dalawang taon, gagawing aplikable ang CBE sa loob lamang ng unang taon ng pag-eempleyo at oobligahan ang nag-eempleyo na magpaliwanag sa dahilan ng pagtanggal. Subalit ito ay tinanggihan ng mga naggop protestang kabataan at mga manggagawa na naggigiit sa tuluyang pagbabasura sa CPE.

Binigyan nila ang gubyerno ng hanggang Abril 15 na lamang para bawiiin ang CBE. AB



Milyun-milyon nagrali sa US laban sa mapaniil na batas kontra sa mga dayong manggagawa

Niyang kamakailan ang US ng malalaking demonstrasyon bilang reaksyon sa ipinapanukalang batas laban sa milyun-milyong mga imigrante¹. Tinutulan nila ang malupit na panukalang "Border Protection, Anti-terrorism and Illegal Immigration Control Act" (House Resolution 4437) na ipinasa na sa Kongreso ng US. Kasalukuyan ding pinagdedebatihan sa Senado ng US ang sarili nitong panukala hinggil sa mga imigrante.

Batas kontra-imigrante. Ang House Resolution 4437 ay itinuturing na isa sa pinakamalupit at mapaniil na batas laban sa mga imigrante.

Itinuturing nitong kriminal ang mga di dokumentadong imigrante sa US. Gagawaran nito ng mas mabibigat na parusa ang mga mahuhuling dayong manggawang gumagamit ng pekeng papeles para makapagtrabaho, gayundin ang mga taong nag-eempleyo, kumakanlong o tumutulong sa kanila para magkaroon ng ligal na katayuan. Ipagbabawal ng batas ang pagbibigay-amnestiya sa mga iligal na imigrante at awtomatiko silang ipatatapon pabalik sa bansang kanilang pinagmulan.

Kasabay ng hiwalay na panukalang magtayo ng 3,200-kilometrong pader sa hangganan ng US at Mexico, nais ng HR 4437 na lalong pahigpitin pa ang militarisasyon sa mga hangganan. Mula 1994, mahi-

git 4,000 katao na ang napatay dahil sa pagtatangkang tawirin ito. Nais ng panukalang batas na ang lahat ng imigrante na madadakip na pumapasok sa US nang walang kaukulang papeles ay ipakulong hangga't hindi nareresolba ang kanilang mga kaso.

Tinatayang taun-taon ay umaabot sa 500,000 ang di dokumentadong pumapasok sa US. Sa kabuuan, may mahigit 50 milyon dokumentadong mga imigrante sa US at may 12 milyon pang di dokumentado. Sa mga di dokumentado,

70% ay Mexican at umaabot sa 500,000-1,000,000 ang Pilipino. Konsentrado ang mga di dokumentadong Mexican at Pilipino sa mga estado sa West Coast ng US, tulad ng California. Kilala sila sa taguring "tago nang tago" (TNT) dahil pinaghahanap sila ng mga pulis ng *immigration* at nanganganib na mahuli at maparusahan.

Mga pagkilos ng mga imigrante. Pinakamalaki sa serye ng

mga protestang ito ang dambuhang martsa-rali sa Los Angeles, California nitong Marso 25 kung saan mahigit isang milyon katao mula sa hilaga at katimugang bahagi ng estado ang naglakad nang limang oras sa mga mayor na kalsada ng syudad at nagtipon sa sentro nito. Dinaluhan ito ng mga Mexican at iba pang mga tubong Latin America, bukod sa mga Pilipino, Koreano at iba pang Asian-American.

Kabilang sa mga organisasyong lumahok sa rali ang Act Now to Stop War and End Racism (ANSWER), ang Alliance for a Just and Lasting Peace in the Philippines (AJLPP), Bayan-USA, Pesante-USA, Central Los Angeles Farmers' Coalition at iba pang progresibong organisasyon.

Dambuhalang mga demonstrasyon din ang idinaos sa mga estado ng Georgia, Arizona at Minnesota sa araw ding iyon.

Nitong Abril 2, daan-daang libo rin ang nagrali sa sentro ng New York City upang batikusin ang HR 4437. Umabot sa halos isa't kalahating kilometro ng mga kalsada ang pinuno ng mga demonstrador dala-dala ang bandila ng iba't ibang bansang kanilang pinagmulan.

AB

¹ Ang mga imigrante ay mga residenteng dayuhan na permanenteng nanihirahan o gustong permanente nang manirahan sa ibang bansa kaiba sa mga migrante na pansamantala lamang naninirahan doon, karaniwan dahil sa empleyo. Ang kasaysayan ng paggawa ng US ay sa kalakhan kasaysayan ng imigrasyon, mula sa pagbubukas ng mga plantasyon, paglalatag ng mga riles ng tren hanggang sa pagtatayo ng mga modernong industriya. Sa ngayon, may seksyon ng mga imigrante na propesyunal at gumagampan ng mga pangitnang uri ng trabaho, pero ang mas marami sa kanila ay nasa mga pagawaan. Marami-rami ang namamasukan sa mga iligal na pagawaan o sa namamasukan bilang katulong sa bahay, at tumatanggap ng napakababang sahod.



Mga paglabag sa karapatang-tao

Walang humpay ang pagtar-get ng mga *death squad* sa mga lider at myembro ng mga progresibong organisasyon.

Pinaslang nitong madaling araw ng Abril 5 sa kanyang bahay sa Anoling, Rosario, Agusan del Sur si Lorenzo Cervantes, myembro ng Bayan Muna.

Bago ito, dinukot ng mga elemento ng 70th IB sa Barangay Balete, Tarlac City noong Abril 3 si Ronald Intal, lider ng Samahan ng mga Kabataang Demokratiko sa Asyenda Luisita. Hanggang ngayon ay hindi pa rin inililitaw si Intal.

Hinuli naman at ininterogeyt ng militar nang ilang oras noong Abril 2 si Marcial Pilar, myembro ng Anakpawis at residente rin ng Barangay Balete.

Sa Northern Samar at Isabela, pinaulanan ng bala subalit nakaligtas sa kamatayan ang tatlong progresibong lider nitong Marso.

Pinagbabaril noong gabi ng Marso 22 sa kanyang bahay si Walter Pahimnayan, *municipal coordinator* ng Bayan Muna sa Mondragon, Northern Samar. Tinamaan sa likod at tiyan si Pahimnayan at kasalukuyan siyang nasa ospital.

Bago ito, pinagbabaril din ng mga myembro ng *death squad* subalit di tinamaan si Dr. Bartolome Resuello, dating *vice chairman* ng Bayan Muna sa prubinsya. Nakasakay si Resuello sa kanyang motor-

siklo papauwi sa Catarman, kabise-ra ng Northern Samar nang paulan-an siya ng bala sa Barangay Doña Lucia, Mondragon.

Pinagtangkaan noong Marso 11 ang buhay ni Elena Mendiola, *secretary-general* ng Bayan Muna sa Isabela. Naghahawan ng lupang tatamnan ng gulay si Mendiola malapit sa kanyang bahay sa Barangay Narra, Echague nang paputukan siya ng dalawang lalaking nakamotorsiklo. May 13 tama ng bala ang pader na malapit kay Mendiola.

Sa Cagayan, laganap ang harassment at pang-aaresto sa mga sibilyang inaakusahang myembro o tagasuporta ng rebolusyonaryong kilusan.

Pinaputukan at dinakip ng magkasanib na pwersa ng 17th IB AFP at PNP-Baggao ang magkapit-bahay na sina Barangay Kagawad Camilo Jacquias at Edgar Jacquias Antolin noong Marso 18 sa Barangay Sta. Margarita, Baggao, Cagayan. Pinagbibintangan ng militar at pulisia na mga Pulang mandirigma ang dalawa. Isinasangkot si Antolin sa naganap na reyd ng BHB sa istasyon ng pulisia sa Baybayog, Alcala, Cagayan noong Marso 9, dahil lamang kahawig ng kanyang *van* ang sasakyang ginamit ng mga Pulang mandirigma. Kinumpiska rin ng mga sundalo at pulis ang *van* ng mga Antolin na naglalaman ng *stereo*, tatlong reserbang gu-

long, pitaka, ATM card at samutsa-ring personal na gamit ng pamilya. Pareho ngayong nakapiit sina Jacquias at Antolin at sinampaahan ng kasong rebelyon

Ilang araw bago ito, kinasuhan din ng PNP-Baggao ng *robbery in band* ang anim na magsasaka mula sa Barangay Caruppian, Baggao dahil sa paratang na kasangkot sila sa reyd sa *safehouse* ng 17th IB. Nireyd ng BHB ang naturang *safehouse* sa loob ng *compound* ng isang komersyante-usurero sa San Jose, Baggao noong Enero.

Samantala, paparami ang mga kaso ng mga pagpaslang ng mga manggagawa, unyonista at tagasuporta ng mga unyon.

Ayon sa Center for Trade Union and Human Rights (CTUHR), naka-pagtala ng 21 kaso ng pamamaslang sa sektor ng paggawa mula Setyembre 21, 2005 hanggang Marso 21 ngayong taon. Wala ni isa sa mga ito ang nareresolba hanggang ngayon.

Bukod sa mga kasong naiulat na sa AB, kabilang sa mga pinaslang sina Armando Leabres ng National Electrification Administration-Nueva Ecija na natagpuang patay noong Enero 11; Roberto de la Cruz, *board member* ng Workers of Tritran Union (WTU); Crisanto Teodoro, *board member* ng United Luisita Workers Union; at Jensen Cristobal na isa pang tagasuporta ng paggawa na pinaslang noong Pebrero 18. **AB**

Mga isinaling akdang Marxista-Leninista, inilabas ng PKP

INIANUNSYO ng Pambansang Kawanihan sa Pagsalhin-Pambansang Kagawaran sa Edukasyon (Paked) ng Partido Komunista ng Pilipinas na inilabas na nito ang mga klasikong akdang Marxista-Lenista na salin sa wikang Pilipino mula sa wikang Ingles. Kabilang dito ang *Kritika sa Syensyang Pang-ekonomya ng Sobyet; Mga Pundamental na Prinsipyong Eko-*

nomyang Pampolitika; Manípuesto ng Partido Komunista; at Estado at Rebolusyon. Kasalukuyan nang ipinamamahagi ang bersyon ng *digital* (pangkompyuter) ng naturang mga akda. Kagyat na isusunod ang inilimbag na mga kopya. Matatagpuan din sa www.philippinerevolution.org ang mga babasahing ito.

Pandaraya ni Arroyo, patuloy na nabibisto

KINUMPIRMA ni Comelec Commissioner Resurreccion Borra sa imbestigasyon sa Senado nitong Abril 3 na naganap ang malawakang dayaan sa eleksyong presidensyal noong 2004. Alinsunod ito sa ebidensya na ihinarap sa Senado na kinabibilangan ng mga upisyal na kopya ng mga *election returns at certificates of canvass* mula sa mga presinto ng Mindanao. Pinatunayan ng mga eksperto ang napakaraming anomalya sa mga dokumento at kinumpirma ang dati nang alam na pag-nanakaw ni Arroyo ng halos 1.2 milyong boto mula

kay Fernando Poe Jr.

Kasabay nito, kinasuhan ng 16 na kongresista si Comelec Commissioner Virgilio Garcillano ng pamemeke ng mga pampublikong dokumento, paglabag sa Passport Act at pagsisinungaling. Taliwas sa sinumpaan niyang salaysay sa pagdinig sa Kongreso na hindi siya umalis ng bansa sa kasagsagan ng pagkakabunyag ng "Gloria-Garci" tapes, napatunayan na nagpunta si Garcillano sa Singapore, Middle East at South Africa.

Panggipit sa masmidya, mariing tinutulan

MARIING tinutulan ng mga kagawad ng masmidya ang patuloy na panggipit sa kanila ng pasistang rehimeng US-Arroyo. Binalangkas nitong Abril 3 ng Amado V. Hernandez Resource Center (AVHRC) ang "Writers' Manifesto of Unity on Freedom of Expression" na nilagdaan ng mga manunulat at mga mamamahayag mula sa iba't ibang organisasyon, mga publikasyon, mga akademikong institusyon at mga samahan ng mga artista at mga personaheng naninindigan para sa lubos na kalayaan sa pamamahayag. Ayon sa manipesto, "nilalabanan namin ang lahat ng porma ng harassment, pagmamanman, kumpiskasyon ng materyales, pang-aaresto, detensyon at pamamaslang na ginagawa sa ngalan ng pagpoprotekta sa anumang interes na taliwas sa kalayaan sa pamamahayag ng isang manunulat."

Inilabas ang manipesto bunsod ng pagpapasara nitong Marso 26 sa "Ang Buhay Manggagawa," isang lingguhang programa sa radyo na 11 taon nang nagsasahimpapawid sa DzRJ. Bago ito, ipinatigil din ng DzRJ ang premyadong programang "Ngayon na, Bayan." Parehong kritikal sa rehimeng Arroyo ang dalawang programa at nagtaguyod sa interes ng masang anakpawis at malawak na masa ng sambayanan.

Bago ito, idinawit ni Col. Jerry Jalandoni, bagong hepe ng 303rd IBde ang nabuwag na *Visayan Daily Courier* sa kilusang komunista. Ani Jalandoni, plano umano itong ilimbag muli bilang daluyan ng rebolusyonaryong propaganda. Sinabi ito ni Colonel Jalandoni ilang araw makaraang kundenahin ng masmidya sa Western Visayas ang pagsasama sa "order of battle" ng Central Command ng AFP kay Julius Mariveles, *news director* ng dyEZ-Aksyon Radyo-Bacolod ng MBC. Pinangangambahan ng mga kagawad ng masmidya na hudyat ito sa militar at iba pang armadong galamay ng rehimeng Arroyo para isama sila sa mga target na kaaway.

Sama-samang nagpahayag ng pagkakaisa at pagtutol sa kasalukuyang panggipit sa kalayaang magpahayag sa Western Visayas ang "Article 3" Alliance; Negros Press Club; Negros Media Council for Press Freedom; Correspondents, Broadcasters and Reporters Association-Action News Service (COBRA-ANS); Liga Journalista; Congress of Active Media Practitioners; NUJP-Panay; at mga militanteng organisasyon.

Anti-Terror Bill, ipinasa na sa kongreso

IPINASA noong gabi ng Abril 4 ng mababang kapulungan ng Kongreso ang Anti-Terror Bill (ATB), isa sa mga matagal nang itinutulak ni Gloria Arroyo na panukalang batas. Agad itong sinalubong ng pagkundena ng iba't ibang sektor na nangangambang magsisilbi itong kara dagang instrumento ng panupupil laban sa mamamayan.

Dahil sa mali at masyadong masaklaw na depinisyon ng terorismo, gagamitin lamang ang ATB na batayan upang ikategoryang mga terorista ang mga organisasyong masa, mga nagpoprotesta, mga pwersa ng oposisyon at masmidyang kritikal kay Arroyo. Kung maisasabatas, inaasahang ituturing na terorismo ang anumang pagkilos na bumabatikos at nanaawagan para sa pagpapatalsik kay Arroyo.

Oras na maaprubahan ito, gagamitin ni Arroyo ang bagong batas laban sa terorismo upang la-long pagtibayin ang paggamit niya sa mga kapangyarihang pambatas militar na sinimulan na niya sa pamamagitan ng Proclamation 1017 at General Order Blg. 5 at 6 at patuloy na supilin ang mamamayan at tiyakin ang pagpapanatili niya sa poder.

48% gustong patalsikin si Arroyo sa pamamagitan ng "people power"—SWS

UMAABOT sa 48% ng mga Pilipino ang nagnanais na patalsikin si Gloria Arroyo sa pamamagitan ng "people power," ayon sa sarbey ng Social Weather Stations (SWS) nitong Marso 8-14. Bumaba rin mula 58% noong Disyembre tungong 44% ngayong Marso ang nagnanais na magbitiw si Arroyo. Ibig sabihin ay naungusan na ng "people power" ang pagbibitiw bilang pinakapinapaborang opsyon ng mamamayan para alisin si Arroyo sa poder.

Samantala, umaabot sa 45% ang hindi sumasang-ayon sa pagbabawal ng rehimeng Arroyo sa mga rali noong Pebrero 24, anang SWS.

PP 1017, kinundena ng Senado

KINUNDENA ng Senado ang walang pakundangang paglabag ng rehimeng Arroyo sa mga karapatan ng mamamayan at pagpapairal nito ng mistulang batas militar sa pamamagitan ng PP 1017. Ayon sa ulat ng pinagsanib na komite sa hustisa, karapatang-tao at pampublikong serbisyo ng Senado, iligal at di konstitusyunal ang mga pag-aresto ng rehimeng Arroyo sa mga kalaban nito sa pulitika, tulad ng Batasan 5 at kay Rep. Crispin Beltran. Anito, iligal din ang pagbabawal ng rehimeng Arroyo sa mga rali at marahas na pagbubuwag ng mga demonstrasyon.

Sa kaugnay na balita, kinundena rin ng Senado ang mga hakbang ng rehimeng Arroyo sa mga karapatan ng mamamayan at pagpapairal nito ng mistulang batas militar sa pamamagitan ng PP 1017. Ayon sa ulat ng pinagsanib na komite sa hustisa, karapatang-tao at pampublikong serbisyo ng Senado, iligal at di konstitusyunal ang mga pag-aresto ng rehimeng Arroyo. Kabilang dito ang punong patnugot ng *The Daily Tribune* at *executive director* ng Philippine Council for Investigative Journalism na kapwa sinampaahan ng kasong *inciting to sedition*.

Thaksin ng Thailand, bumaba na sa pwesto

IPINAGBUNYI ng mamamayan ng Thailand ang deklarasyon ni Prime Minister Thaksin Shinawatra nitong Abril 4 na bababa na siya sa pwesto matapos ang halos dalawang buwang mga kilos protesta at panawagan para sa kanyang pagbibitiw.

Idineklara ito ni Thaksin dalawang araw pagkalipas ng ipinatawag niyang dagling eleksyon ("snap elections") noong Abril 2. Nabigo si Thaksin na gamitin ang eleksyon ito upang pagtibayin ang kanyang pamumuno matapos bumagsak nang tatlong milyong boto ang nakuha ng kanyang partidong Thai Rak Thai mula sa 19 na milyong boto na nakuha nito noong nakaraang taon. Dahil sa malawak na panawagang boykot, hindi nakakuha ng 20% ng boto ang 38 kandidatong pamplamento ni Thaksin. Sa Bangkok, kabisera ng Thailand, umabot sa 51% ang walang ibinoto, salamin ng malawak na protesta kay Thaksin.

Sumiklab ang mga protesta sa Thailand nang mabunyag ang pagbebenta ng pamilyang Thaksin sa gubyerno ng Singapore ng \$1.9 bilyon halaga ng sapin pag-aari nito sa Shin Corp. Conglomerate noong katapusan ng Enero. Inaakusahan si Thaksin ng pagpapayaman at pagbebenta ng interes pang-ekonomya ng Thailand sa mga dayuhan.

Malawakang welga ng mga manggagawa, inilunsad sa UK

MAHIGIT isa't kalahating milyong manggagawa sa United Kingdom ang naglunsad ng isang araw na welga noong Marso 28 para ipaglaban ang kanilang karapatang tumanggap ng karampatang pensyon. Reaksyon ito ng mga manggagawa sa balak ng gubyernong Blair na bawasan nang 1/3 ang pensyon ng ilang sektor ng mga manggagawa pagretiro nila. Inoobliga rin ang mga manggagawa sa sektor pampubliko na tinaguriang *support staff* (mga nagtrabaho sa mga paaralan, kalsada, bayay, mga kanal, aklatan at bus) na magretiro sa edad na 60 taon.

Samantala, may ibang sektor na tatanggap ng dagdag na pensyon at papayagang magretiro sa edad na 65 taon. Pinamunuan ang welga ng siyam na malalaking unyon sa UK, kabilang ang mga unyon ng mga kawani sa gubyerno.

Ika-3 anibersaryo ng pagsakop sa Iraq, ginunita

LIBU-LIBONG mamamayan ang naglunsad ng mga kilos protesta sa iba't ibang dako ng mundo noong Marso 18 sa okasyon ng ikatlong anibersaryo ng pananalakay ng imperyalistang US sa Iraq. Sa US, mahigit 500 aksyong protesta ang inilunsad sa halos lahat ng estado, kung saan umabot sa 25,000 mamamayan ang lumahok sa pinakamalaking raling naidaos. Kasabay nito, bumulusok ang popularidad ni Presidente George W. Bush ng US.

Bukod sa US, naglunsad rin ng mga kilos protesta sa Canada at United Kingdom at sa mga bansa sa Latin America, Middle East, Asia at Eastern Europe.



Editoryal

"Cha-cha:" Pangkapit ni Arroyo sa poder

Walang sinasanto ang rehiyeneng Arroyo sa pagtutulak nitong palitan ang reaksyong konstitusyon sa lalong madaling panahon. Para kay Arroyo, isang bagong konstitusyon lamang ang titiyak na makapanunungkulang siya hanggang 2010 o lampas pa hangga't makakaya. Umaasa ang rehiyen na isang bagong konstitusyon ang ganap na tatapos sa mga banta

sa paghahari nito, kahit sa laranang ligal man lamang.

Gamit ang lahat ng paraan, pinapaspasan ni Arroyo ang pagbuo ng bagong konstitusyon. Noong una'y tinangka ng rehiyen na ikutan ang batas para agarang mapupo ang Kongreso bilang kapulungan ng babago sa konstitusyon. Upang makuha ang pagsang-ayon ng mga kongresista at senador, aalisin na ng panukalang konstitusyon ang taning sa termino ng mga mambabatas.

Lamang, nabigo ang rehiyen na makuha ang kooperasyon ng Senado na ngayo'y tila dambuhalang pader na humaharang sa katuparan ng mga pangarap ni Arroyo. Mahihirapan na rin ang administrasyon na makuha ang kinakailangang 194 o $\frac{3}{4}$ ng mga kongresista dahil 51 na ang tumututol sa panukala.

"People's initiative" ang

nalalabing opsyon ni Arroyo at ito ang pinakakaabalahan ng kanyang mga kampon ngayon. Daan-daang milyong piso ang inilaan para sa malawakang panlilinlang na ito. Bagamat marami rin itong kahaharaping ligal na balakid, walang planong magpalimita ang rehiyen kahit sa sariling batas.

Hindi lingid sa mamamayan ang galing ng rehiyen pagdating sa pambabaluktot o tahasang pagbalawala sa batas para makuha ang gusto nito. Nasaksihan ng bayan kung gaano kasimpleng pinatay ng administrasyon ang *impeachment* sa pamamigitan lamang ng superyordad ng bilang ng mga kakampi nito sa Kongreso. Madali nitong nailusot ang mga kwestyunableng batas at kautusan tulad ng *calibrated preemptive response*, Executive Order 464, Proclamation 1017 at ngayon maging ang Anti-terrorism Bill sa kongreso. Pati mga lumang batas ni Marcos ay nagagamit ng rehiyen laban sa mga katunggali.

Walang pakialam si Arroyo sa mga petisyong natatambak ngayon sa Korte Suprema laban sa kanyang mga pakana. Siya ang nagtalaga ng 11 sa 15 huwes ng Korte Suprema kaya lubos ang kanyang tiwalang siya ang papanigan nito.



Mga tampok sa isyung ito...

Konstitusyon ala-Marcos

PAHINA 3

Opensiba ng AFP sa ICR, binigo ng BHB

PAHINA 7

Si Kasamang Wilfredo Valencia

PAHINA 8

Mga instruksyon sa paglilimbag

- 1.** Ang **sinundang pahina**, na eksaktong kopya ng pahina 1 maliban sa mas mapusyaw ang *masthead* o *logo* ay para sa mga gumagamit ng *mimeo machine* o naglilimbag sa paraang *v-type*. Idinisenyo ito para hindi madaling makasira ng istensil.
- 2.** Pag-print sa istensil:
 - a) Sa *print dialog*, i-check ang **Print as image**
 - b) Alisin ang *check* sa **Shrink oversized pages to paper size**
 - c) I-click ang **Properties**
 - d) I-click ang **Advanced**
 - e) Tiyaking naka-set sa **100%** ang **Scaling**
 - f) Ituloy ang pag-print
- 3.** Hinhikayat ang mga kasama na ipaabot sa patnugutan ng *AB* ang anumang problema kaugnay ng paglilimbag sa pamamagitan ng *v-type*. Magpadala ng *email* sa angbayan@yahoo.com